

Kung meron mang mga pagbabago o kataliwasan sa pagitan ng mga bersyong English/Chinese at Tagalog nitong dokumento, ang English/Chinese na bersyon pa rin ang siyang mananaig.

Pag-unawa sa mga Tulog na Account

Mayroon ka bang tulog na bank account?

Paminsan-minsan nagbubukas ang mga tao ng mga bank account, nagdedeposito ng pera sa loob ng ilang panahon, pagkatapos ay nakakalimutanan na ang mga ito. O hindi kaya, hinahayaan ang account na bumaba o maging sero ang balanse sa halip na isara ang account. Kung hindi mo pormal na isasara ang account, ang mga bayarin ay maaaring magpatuloy at dapat mo itong bayaran sa iyong bangko.

Ano ang isang tulog na account?

Itinuturing tulog ng mga karamihan sa mga bangko ang mga ipon, kasalukuyang account at ibang uri ng account na deposito kung saan ang mga account na iyo ay hindi gumagalaw maliban sa mga transaksyon na ginagawa ng bangko (gaya ng interes at mga singil) pagkatapos ng tinukoy na yugto ng panahon, sa pangkalahatan ay 6 buwan o higit pa.

Bakit ang isang tulog na account ay di-kanais-nais?

Gumagastos ng malaki ang mga bangko upang panatilihin ang mga tulog na account. Nagtatayo sila ng mga espesyal na pamamaraan upang protektahan ang mga may hawak ng tulog na account, tulad ng paghiling ng mga karagdagang pahintulot, at pagpapanatili ng espesyal na seguridad para sa mga signature card.

Ang mga tulog na account ay isang pag-aaksaya ng pera. Napakaliit o walang interes ang kinikita kung ang balanse sa tulog na account

ay mababa. Nagpapataw ang karamihan sa mga bangko ng maliit na halaga sa mga tulog na account dahil sa mataas na gastos sa pagpapanatili sa kanila, at ang ilang mga bangko ay hindi itinutuloy ang pagbibigay ng mga tiyak na serbisyo sa mga tulog na account tulad ng mga ATM account. Mas kakaunti ang insentibo para sa mga mamimili upang panatilihing napapanahon ang kanilang personal na impormasyon kaya ang mga abiso o pahayag mula sa mga bangko ay maaaring ibalik na hindi naihatid. Dahil ang mga mamimili ay maaaring hindi gaanong mapagmatyag sa pagmamanman ng mga transaksyon at pagtutugma ng mga katunayan, may mataas din ang panganib na pakialaman ang account.

Paano iwasan ang pagkakaroon ng isang tulog na account?

- Repasuhin kung anong mga bank account ang mayroon ka. Panatilihin lamang ang mga account na kailangan mo, o mas maigi, pagsama-samahin sila upang kumita ng mas malaking balik sa iyong mga account at iwasan ang pagbabayad ng mga sinisingil. Pormal na isara ang anumang mga account na hindi mo kailangan. Tiyakin na kilalanin ang lahat ng mga umiiral na tagubilin at ang mga pagpapahintulot na direct debit at huwag silang ituloy bago isara ang iyong account.
- Palaging abisuhan ang iyong bangko kapag may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Walang paraan para sa iyong bangko na kontakin ka o ipadala ang mga pahayag sa iyo sa iyong lumang tirahan. Ang kawalan ng kaalaman sa katayuan ng iyong account ay hindi nagbibigay sa iyo ng dahilan upang maging iresponsable dito.
- Basahin ang iyong koreo - huwag balewalain ang mga abiso mula sa bangko.